

Ang Tagahatol

Noong unang panahon, sa Bundok Arayat, may isang taong tanyag sa kaniyang tapang at lakas. Siya ay si Apung Sinukwan. Namumuhay siya nang payapa kasama ng mga hayop sa kabundukan. Mabait din siya. Lahat ng mga hayop sa kabundukan ay kaibigan niya. Sa pambihirang lakas, talino, at pagiging makatarungan, ginawa siyang tagahatol ng mga hayop.

Isang araw, naglibot si Apung Sinukwan sa kabundukan. Lumapit si Ibon. Isinumbong nito si Palaka. Maingay raw ito kaya hindi siya nakakatulog sa gabi.

Ipinatawag ni Apung Sinukwan si Palaka at tinanong kung totoo ang sumbong ni Ibon. Magalang na sumagot si Palaka. "Ginoong Tagahatol, maingay po ako dahil humingi lamang ako ng tulong. Natatakot akong baka madaganan ng bahay ni Pagong," sagot ni Palaka.

"Katanggap-tanggap ang iyong sagot. Makakaalis ka na," sabi ni Apung Sinukwan.

Sumunod na ipinatawag ni Apung Sinukwan si Pagong. Tinanong din siya ni Apung Sinukwan, at nagpaliwanag naman siya.

"Kagalang-galang na Taga-hatol, lubos akong natakot nang makita ko si Alitaptap na naglalaro ng apoy. Nag-alala ako na baka po masunog ang aking

bahay. Hind po ba't tama lang na protektahan ko ang aking bahay?" sagot ni Pagong.

"Tama naman! Malaya ka na," sabi ni Apung Sinukwan.

Nang sumunod na araw, si Alitaptap naman ang ipinatawag. "Alitaptap, bakit ka naglalarong apoy?" tanong ni Apung Sinukwan. Malumanay na sumagot si Alitaptap. "Ito lang po ang aking paraan para maipagtanggol ang aking sarili laban kay Lamok na may dalang punyal."

Nagpasiya si Apung Sinukwan. "Makatwiran ang iyong sagot. Malaya ka na," sabi ni Sinukwan.

Gaya ng inaasahan, ipinatawag din ni Apung Sinukwan si Lamok upang magpaliwanag. Pero hindi nakapagbigay ng matibay na dahilan si Lamok sa pagdadala nito ng punyal. Dahil dito, ikukulong siya bilang parusa. Simula noon, hindi na nagdala ng punyal si Lamok sa takot na muling maparusahan ni Apung Sinukwan.

Napatunayan ng mga hayop na ang kanilang hinirang na tagahatol ay matalino at patas.

